Coptic Orthodox Patriarchate
His Holiness Pope Tawadros II
Pope of Alexandria and
Patriarch of the See of St. Mark
The Papal Center

بطريركية الأقباط الأرثوذكس
قداسة البابا الأنبا تواضروس الثاني
بابا الأسكندرية
وبطريرك الكرازة المرقسية
المقر البابوي

222 Ramses St., Abbaseya, Cairo, Egypt
Tel: 024822580 Fax: 0235365880 email: office@popetawadros.org
222 شارع رمسيس ، العباسية ، القاهرة ، مصر
تليفون: 024822580 فاكس: 0235365880

Filipino – Nativity 2025

Sa ngalan ng Ama, ng Anak, at ng Banal na Espiritu, isang Diyos, Amen.

Maligayang bagong Taon at maluwalhating Pista ng Kapanganakan. Binabati ko kayo, aking mga minamahal, saanman sa ating mga Simbahang Coptic. Binabati ko kayo sa Bagong Taon 2025. at sa maluwalhating Pista ng Kapanganakan. Ang una sa pinagpalang mga kapistahan sa taong Gregorian. Binabati ko ang lahat ng mga ama,mga metropolitan, at mga obispo. Ang lahat ng mga ama,ang mga pari, mga hegumen, at mga presbitero, at mga diyakono. Binabati ko ang mga kapulungan ng simbahan at lahat ng mga Pamilyang Coptic,Lahat ng mga kabataan at mga bata sa iba't ibang panig ng mundo,Sa maluwalhating kapistahan ng Kapanganakan, na kung saan ay tinatanggap natin si Kristo bilang isang maliit na Bata. .

Nang naisin ng Diyos na pumasok sa mundo,pinili Niya ang paraan ng pagiging isang bata. at sa pamamagitan ng maliit na Batang ito, naganap ang mga dakilang gawain. Tunay, sa tuwing aaralin natin ang mga kaganapan sa Kapanganakan, malalaman natin ang isang mahalagang katotohanan. Na ang lahat ng maliliit na mga bagay, kapag ilalagay sa kamay ng Diyos, ay magiging malaki. Bibigyan ko kayo ng halimbawa,

Sa kwento ng Kapanganakan, maririnig natin ang maliit na nayon ng Betlehem, isang tago at hindi kilalang nayon.Mayroong libo-libong mga nayon sa maraming parte ng mundo, subalit nang tanggapin ng nayon na ito,ang banal na Birheng Maria at si Santo Jose na isang Karpintero, ang resulta ng Kapanganakan ng Panginoong Kristo ay, ang nayon na ito ay naging isang pinaka tanyag na nayon sa buong mundo. Ito ay ang nayon ng Betlehem. Ang maliit na bagay sa kamay ng Diyos ay nagiging malaki.

Ito ay hindi lamang sa isang nayon, subalit ito din ay tungkol sa isang dalaga, ang ating ina, ang Birheng Maria.Siya ay isang dalaga,subalit pinuno siya ng Diyos ng biyaya.at sinabi ni Angel sa kanya:Ang banal na Espiritu ay mapapa sa iyo,at ang kapangyarihan ng Kataas-taasan ang lililim sa iyo.Dahil dito, ang banal na ito na iyong ipapanganak ay tatawaging Anak ng Diyos. (Lucas 1;35)Ang napaka bata at kumbaga babae na ito,na nanirahan sa templo,kalaunan ay naging pinakatanyag na santo sa buhay ng mga

Kristiyano.Siya ay tinatawag natin ngayon na “Ang ipinagmamalaki ng ating lahi”nang buong sangkatauhan, lalaki at kababaihan saanman.Tulad ng aking sinabi: Ang isang dalaga, kapag nakikipag-ugnayan siya sa Diyos, at napuno ng biyaya, naging kahanga-hanga.

Ang pangatlong halimbawa ay ang bituin (Mateo 2:2)Isang maliit na bituin ang nagpakita sa kalangitan. Ito ay gumagalaw sa hindi pangkaraniwang paraan. sa basehan ng astronomiya. Ginabayan nito ang mga Pantas na nagmula sa Silangan. Ang mga Magi na ito, habang sa kanilang paglalakbay, ang bituin na ito ang naging kanilang tanging gabay at palatandaan. Ang bituin na ito ay gumagalaw habang sila ay gumagalaw. at hihinto kapag sila ay huminto. Ito ay naging isang himala. Ang kalangitan ay puno ng hindi mabilang na mga bituin. Subalit ang bituin na ito, ang bituin ng Kapanganakan, ay naging isang himala, tanyag at kahanga-hanga. Kapag ginuguhit natin ang larawan ng Kapanganakan, dapat nating iguhit ang bituin na ito sa lahat ng uri ng mga larawan.

Mayroon itong maraming halimbawa: ang maliit sa mga kamay ni Kristo ay nagiging malaki,Ang maliit sa mga kamay ni Kristo ay nagiging masagana.Hindi lamang ang mga halimbawa na ito subalit may isa pa.Ang himno.Ang himno na inaawit ng mga anghel sa araw ng Kapanganakan.Isang napakaikling himno.Ngunit ito ang naging pamagat ng ating Kristiyanismo."papuri sa Diyos sa kaitaasan,at sa lupa ay kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya" (Lucas 2:14).Isang himno na may kaunting salita ngunit napakalaki ng epekto.Ito ay naging nagpapahayag na pamagat sa ating Kristiyanismo.Bakit?Dahil ang himno na ito ay sumasaklaw sa kalangitan, kalupaan at sangkatauhan.Sa gayon, ito ay naging isang malawak na saklaw na himno.Kalangitan: Papuri sa Diyos sa kaitaasan.Kalupaan: at sa lupa ay kapayapaan.Sangkatauhan: at sa mga taong kinalulugdan Niya.Ito ay naging tatlong beses, kumpleto, at malawak na saklaw na himno.Ito ay naging pamagat para sa gawain ni Kristo at misyon ng Kristiyanismo.Ito ay tulad ng isang plano at programa para sa buhay ng sangkatauhan.Mayroong hindi mabilang na mga halimbawa:gayunpaman, ang mahalagang punto ay ito:Kapag ilalagay mo ang maliit sa kamay ng Diyos, ito ay nagiging malaki.Sa ating salita, sinasabi natin: “Ito ay biyaya,” bagamat ito ay maliit.

Sa likod ng kwento ng Kapanganakan, maaari akong magbigay sa inyo ng isa pang halimbawa.Halimbawa, ang isang maliit na batang lalaki na may limang tinapay at dalawang isda,sa gitna ng libu-libong mga tao.Nang hiling ni Kristo sa Kanyang mga disipulo na pakainin ang maraming tao,sinabi nila: Meron po ritong isang batang lalaki na maydalang limang tinapay at dalawang isda (Juan 6:9).Marahil ito ay pagkain ng batang lalaki.Subalit kinuha ng mga Disipulo ang konting pagkain na ito,inilagay sa mga kamay ni Kristo, at ito ay naging marami.pinakain ang limang libong lalaki, hindi pa

kasama sa bilang ng mga kababaihan at mga bata.at mayroong natirang labindalawang kaing.Isang kahanga-hanga! Isang malaking pagpapala!

Isa pang halimbawa:Si Pedro na Apostol, bago siya naging apostol, siya ay isa munang mangingisda.Siya ay isang mangingisda. Siya ay pumapalaot upang umuli ng isda.At tulad ng sinasabi ng mga mangingisda, “Ang kanyang hanapbuhay ay nakadepende sa Diyos”.Isang araw, may huli, sa susunod na araw ay wala.Ito ay gabi ng kabiguan na makahuli ng isda.Sila ay pumalot na magdamag upang makahuli ng isda, subalit sila ay nabigo.Si Kristo ay nagpakita ng madaling araw at sinabi sa kanila:""....ibaba niyo ang inyong mga lambat” (Lucas 5:4).Sinabi ni Pedro ang kanyang tanyag na mga salita:Panginoon, kami ay pumalaot na buong magdamag at wala kaming nahuli;subalit, sa Iyong salitang ibababa ko ang aking lambat (Lucas 5:5).Sinasabi sa Bibliya:"sila ay nakahuli ng napakaraming isda, at ang kanilang lambat ay halos masisira na". (Lucas 5;6).Ang mga lambat ay masisira na, puno, at nag-uumapaw sa salita ni Kristo.“Sa Iyong salita ibababa ko ang aking lambat” (Lucas 5:5).

Isa pang magandang halimbawa:Ang ginang na nagbigay ng dalawang kusing. (Marcos 12:42)Ang dalawang kusing na ito ay isang napakaliit na halaga sa panahon ng Panginoong Kristo.subalit ibinigay ito ng ginang sa kabila ng kanyang kahirapan at pangangailangan.Ang resulta ay pinuri siya ng Diyos at ipinagmamalaki siya,at ang ginang na may dalawang kusing ay naging tanyag sa Bagong Tipan.Habang mayroong ibang nagbigay ng malaking halaga.at ang mga barya sa panahong iyon ay gawa sa metal.At ang kahon ng donasyon ay gawa din sa metal.Nang ang barya ay hinulog sa loob ng kahon, ito ay gumawa ng ingay.Ang mas malaking barya ay makakagawa ng mas malakas na ingay.Ang maliit na barya ay mas mahina ang ingay.Ang dalawang kusing na ito ay marahil hindi gumawa ng anumang ingay.Subalit pinuri ni Kristo ang ginang, pinagpala siya, at ipinagmalaki siya.Siya ay naging isang huwaran para sa atin.

Kahit sa kwento ng pagpili ng tagapaglingkod ni Kristo,Tulad ng pagpili kay David na Propeta (1 Samuel 16;11).Siya ay isang batang lalaki, ang pinakabata sa lahat ng kanyang mga kapatid, mukhang mahina sa panlabas.Ang parehong kwento ay maaaring makita kay Santo Bishoy.Si David at bata pa, subalit pinili siya ng Diyos bilang isang lingkod,ang mga matanda ay tumutol, na sinabi, “Pumili ng mas may edad na”.Subalit pinili ng Diyos ang mas bata at ginawa siyang isang dakila at banal na tao.Ginawa Niya si David na Propeta sa buong buhay niya at sa kanyang mga Salmo.Kasama ang kilalang Salmo ng Pagsisisi.

Ang magandang imahe na ito ay nagpapaalala sa atin, sa tuwing ipinagdiriwang natin ang Kapanganakan ni Kristo,na kahit anong maliit na bagay ang ating ialay sa Diyos ay nagiging malaki.Ito ay hindi lamang tungkol sa maliit na halaga ng pera, ngunit gayon

din sa kaunting oras.Kapag inalay mo ang konting oras sa iyong araw para sa Diyos,sa pagdarasal, pagbabasa ng Bibliya,pag-iisa kasama ang Diyos, pagninilay,makikita mo ang maliit na sandaling ito na inalay mo Diyos,ay pagpapalain ang iyong buong araw, buong linggo at buong buwan.Kapag iaalay mo ang iyong pagpupursige, serbisyo, saloobin, pagbabago, o pagkamalikhain,gaano man kaliit ang iyong ibigay, ito ay magiging malaki.Ito ang mensahe ng Kapanganakan na inaalay ko sa inyo ngayong araw, aking mga minamahal.Huwag niyong hamakin ang anumang bagay, anuman ang sukat o uri nito.Ang ating maliliit na bata ay magiging malaki sa hinaharap.Ang pagsisikap na iyong inalay, iyong oras, iyong salapi, iyong mga kalooban, iyong pagpapagal, at iyong mga luha,ang lahat ay magiging dakila sa kamay ng Diyos kapag iaalay para sa Kanya.

Binabati ko kayong lahat.Binabati ko ang lahat ng diyosesis sa lahat ng panig ng mundo,sa Africa, Asya, Europa,Hilagang Amerika, Silangang Amerika, at Australia,gayundin, ang Holy Land See sa malaking bayan ng ating Diyos, ang Jerusalem.Binabati ko kayong lahat mula sa Cairo, mula sa Ehipto.Binabati ko kayo at inihahatid ang pakiramdam sa buong Simbahang Coptic sa Ehipto.Hinahangad ko ang isang Maligayang Bagong Taon,Hinahangad ko para sa inyo ang isang Pinagpalang Pista ng Kapanganakan, at ang kaligayahan ng Kapanganakan sa inyong mga buhay."Papuri sa Diyos sa kaitaasan,at sa lupa ay kapayapaan, sa lahat ng kinalulugdan Niya. (Lucas 2:14).

Pamadre II